State of California-Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

TOBY DOUGLAS
Director

EDMUND G. BROWN JR.
Governor

Paunawa Ukol sa Communtiy-Based Adult Services (CBAS)

Ang Community Based Adult Services (CBAS) ay ang programa na pumalit sa Adult Day Health Care (ADHC) na Programa noong 4/1/2012.

Noong Marso 2012 ikaw ay nakatanggap ng paunawa na nagsasabing kinakailangan mong pumili ng planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal sa pagsapit ng 6/30/2012 para patuloy na makakuha ng CBAS sa o pagkatapos ng 7/1/2012. Nakasaad sa paunawang ito na hindi ka makakakuha ng CBAS kung ikaw ay hindi kasama sa isang planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal.

Nagkaroon ng pagkaantala. **Ang CBAS ay idadagdag na ngayon bilang isang benepisyo sa planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pag-aalga Medi-Cal sa iyong county simula 10/1/2012.** *Ikaw ay makakatanggap ng paunawa sa Agosto nang may karagdagang impormasyon.*

Ano ang kahulugan nito para sa iyo?

1. **Kung ikaw ay nakapili na ng planong pangkalusugan, wala ka nang kailangang gawin.** Makakakuha ka pa rin ng CBAS sa pamamagitan ng Regular na Medi-Cal hanggang sa 10/1/2012. Sa o makalipas ang 10/1/2012, ikaw ay makakakuha ng CBAS sa pamamagitan ng iyong planong pangkalusugan. Maaari mong baguhin ang iyong planong pangkalusugan kahit kailan o bumalik sa regular na Medi-Cal. Alalahanin na kailangan mong pumili ng planong pangkalusugan sa pagsapit ng 9/18/2012 para makatanggap ng CBAS sa at makalipas ang 10/1/2012.

2. **Kung *hindi* ka pa nakapili ng planong pangkalusugan**, maaari ka pa rin pumili ng planong pangkalusugan ngayon at makakakuha ka pa rin ng CBAS sa pamamagitan ng Regular na Medi-Cal hanggang10/1/2012. Sa at makalipas ang 10/1/2012, ang iyong planong pangkalusugan ay magkakaloob ng CBAS.
    - Kung ***hindi*** ka pumili ng plano sa pagsapit ng **9/18/2012**, awtomatiko kang malilista sa isang planong pangkalusugan na magkakaloob ng CBAS sa at makalipas ang 10/1/2012.

3. **Kung piliin mong manatili sa Regular na Medi-Cal pagkatapos ng 10/1/2012, hindi ka makakakuha ng CBAS simula 10/1/2012.**

Para makapili, tumawag sa Health Care Options sa numero sa ibaba.

X

Paano kung mayroon na akong Medicare?

Hindi magbabago ang iyong Medicare. Kasama na dito ang iyong:

- Pagkakasaklaw sa Medicare
- Matingnan ka ng mga doktor at espesyalista ng Medicare sa labas ng sentro ng CBAS
- Mga benepisyo sa Social Security

Mangyari lamang na sabihin sa iyong mga doktor sa Medicare na ang pagiging kasali sa planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pag-aalaga ng Medi-Cal ay *hindi magbabago* sa iyong mga serbisyo sa Medicare. Maaari kang sumali sa planong pangkalusugan at kumuha ng CBAS at makukuha mo pa rin ang lahat ng iyong regular na serbisyo sa Medicare.

Saan ako maaaring makahanap ng mas maraming impormasyon ukol dito?

- Maaaring makakuha ng lubos na impormasyon mula sa website ng DHCS sa: **http://DHCS.ca.gov/ADHCtransition**.
- Maaari kang tumawag sa Health Care Options sa pagitan ng mga oras na 8:00 am - 5:00 pm, Lunes - Biyernes para sa karagdagang impormasyon.
- Kung ikaw ay kasali sa isang planong pangkalusugan, maaari mong tawagan ang numero ng iyong mga serbisyo sa miyembro ng planong pangkalusugan para sa karagdagang impormasyon.

English		1-800-430-4263
Arabic	اللغة العربية	1-800-576-6881
Armenian	Հայերեն	1-800-840-5032
Cambodian	ភាសាខ្មែរ	1-800-430-5005
Cantonese	粵語	1-800-430-6006
Farsi	فارسی	1-800-840-5034
Hmong	**Hmoob**	1-800-430-2022
Korean	한국어	1-800-576-6883
Mandarin	國語	1-800-576-6885
Russian	Русский	1-800-430-7007
Spanish	**Español**	1-800-430-3003
Tagalog	**Tagalog**	1-800-576-6890
Vietnamese	Tiếng Việt	1-800-430-8008
Other Languages		1-800-430-4263

TDD/TTY 1-800-430-7077

Mangyari lamang na huwag tawagan ang iyong Eligibility Worker dahil hindi ka nila matutulungan.